# TARA…MAKIISA SA BRIGADA NG PAGBASA

*by:*
**Joey R. Cabrera**
*Master Teacher I, Pagalanggang National High School*

Ang karunungan ay isa sa napakahalagang kayamanan na dapat makamit ng bawat indibidwal. Ito ang kaagapay ng tao sa pagtahak ng mga landasin patungo sa magandang kinabukasan. Kasipagan, tiyaga at disiplina sa sarili ang puhunan upang makuha ang minimithing tagumpay ng bawat mag-aaral.

Ang asignaturang Filipino ay lumilinang ng mga kasanayan na kailangan ng bawat mag-aaral ngayon at sa mga susunod pang mga taon na katuwang ng di mabilang na pagbabago mula sa pagsasalita hanggang sa makalikha ng mga akdang gagamitin ng mga mag-aaral sa araw-araw. Namumukod ang disiplinang ito sa kabisaan ng paglinang ng mga kasanayang magagamit ng bawat isa sa pagharap sa mga pagsusulit na ibibigay ng mga guro. Ang paaralan bilang tagahubog at tagapanday ng karunungan sa tulong ng mga masisigasig na mga guro nararapat na makaangkop sa maraming pagbabagong nagaganap sa larangan ng edukasyon at kaagapay sa pagkatuto sa asignaturang Filipino na isang subjek na kailangan maging mahusay  sa araling ituturo. Sa panahon na tayo'y may pandemya at sa mabilis na pagbabago ng panahon kailangan umayon tayo lalong-lalo na sa pagtatamo ng karunungan na magiging puhunan sa pagkakaroon ng isang maunlad at maayos na komunidad. Kung kaya kailangan ang mga kagamitang pampagtuturo na makakatulong sa mag-aaral sa pag-unawa ng mga aralin. Ang kalidad ng edukasyon ang pangunahing mithiin ng Kagawaran ng Edukasyon sa bawat mag-aaral dahil ito ang daan sa isang maayos at maunlad na indibidwal at maging ang knilang pamumuhay

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang ating ahensya ay naglunsad ng Brigada sa Pagbasa na may layuning, Mabigyan ang lahat ng pagkakataon na magampanan ang kanilang tungkulin na maitaguyod ang karapatan ng bawat bata na matutong magbasa, magtagumpay at maging pag asa ng bayan (Geomel P. Jetonzo)

Ang programa ito sa pagbasa ay kailangan ding maglaan ng mga pagkakataon upang malinang ang mga kasanayang pampag-aaral gaya nang paggamit ng diksyunaryo, atlas, ensayklopedya at paghango ng mga impormasyon mula sa mga mapa, plano, talahanayan, grap , at iba pa. Nagagawa rin nitong maitaguyod ang paglalapat ng mga kasanayan sa pagbasa sa iba't ibang layuning pangkomunikasyon. Kung kaya't bilang mga guro sa Wika at Literatura Tulungan natin ang mga mag-aaral na magbasa nang may sapat na pag-unawa. Dapat niyang unawain ay iyon lamang tumutugon sa kanyang layunin sa pagbabasa. Tulungang magbasa nang may angkop na bilis. Hindi ito gaanong napagtutuunan ng pansin sa pagtuturo ng pagbasa. Tulungan din maging epektibo sa pagbasa nang tahimik .Mas mabilis ang pagbasa nang tahimik nang may pag-unawa. Bigyan ng sapat na oras at atensyon ang mga mag-aaral na pinapabasa. Ito rin ang paraan upang ang mga kabataan na panay gadget ang hawak ay maibaling ang kanilang libangan sa pagbabasa. Maging insperasyon tayo sa kanilang pagbabasa upang makamit ng mga mag-aaral na ito ang rurok ng tagumpay na kanilang minimithi. Maisasakatuparan ito nang maayos at magiging produktibo silang mamamayan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Kahit may pandemya tayo hindi ito magiging hadlang sa magandang hangarin ng Departamento ng Edukasyon. Magtulungan tayo , magkaisa, supurtahan ang programang ito upang mga kabataan natin magtagumpay at marami ang nalalaman sa tulong ng Brigada sa Pagbasa.

*References:*

*https://www.facebook.com/SamasaBrigadaPagbasa/posts/isa-sa-mga-layunin-ng-brigada-pagbasa-ay-ang-mabigyan-ang-lahat-ng-pagkakataon-n/133295641847626/
*https://www.slideshare.net/luvy15/layunin-ng-pagbasa
*https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/05/DM_s2020_053.pdf

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan